

36 Pangingisda



Uri ng Pangingisda

Nahahati sa tatlong klase ang pangingisda.

「Enggan gyogyou- coastal fishing」• • • makakauwi araw araw dahil sa baybaying dagat ito nangingisda

「Okiai gyogyou- offshore fishing」• • • 2~3 araw na walang uwian dahil sa malayong dagat nangingisda.

「Enyou gyogyou – deep sea fishing」• • • pangingisda sa karagatan ng buong mundo at nagtatagal ng mahabang panahon ang pangingisda.

Ano ang mangingisda?

Ang trabaho ng mangingisda ay humuli ng isda, shellfoods at halamang dagat subalit may mangingisda iba't ibang paraan ang paghuli depende sa lugar. May mga mangisngisda na nagpapalaki ng mga isda, shellfoods at halamang dagat. May trabaho rin na tagalinis ng barko, bangka at maintenance sa mga kasangkapan na ginagamit sa pangingisda.

Para maging isang mangingisda!

Hindi kailangan ang anumang pagsusulit o antas ng edukasyon sa pangingisda. Nagsisimula sila bilang crew ng mga barkong tumatanggap ng tauhan at doon nagsisimula ang ibat ibang karanasan sa pangingisda. Sa kaso ng mga gustong magsarili o depende sa lugar na pagtatrabahuhan may mga kumukuha ng ship license at wireless radio license para umangat ang estado ng propesyon.

